7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 4

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kwarter 4: Aralin 7 (para sa Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**
- Irene N. San Miguel
- Patricia Gertrude S. Reyes
- Leo A. Tolentino

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO / BAITANG 7 / IKAAPAT NA KWARTER (para sa Ikaapitong Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino**<br>*a. Nakapipili ng mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino.*<br>*b. Nakasusulat ng plano at borador ng pagtatanghal.*<br>*c. Nakasusulat ng iskrip para sa shadow play.*<br>*d. Natutukoy ang mga elementong gagamitin sa pagbuo ng mga puppet.*<br>*e. Nakapagsasagawa ng shadow play batay sa elemento ng tekstong Biswal.* |
| **D. Nilalaman** | **Obra: Ibong Adarna**<br>**Saknong 1363-1717**<br>**PERFORMANCE TASK** |
| **E. Integrasyon** | Inklusibong Edukasyon<br>Diaspora |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *Avanceña, F. R. (n.d.). FILIPINO_Q4_MODULE-7. Scribd. https://www.scribd.com/document/514844777/FILIPINO-Q4-MODULE-7*<br>*Canoy, P., & Tacbas, D. (2020). FILIPINO SA PILING LARANG (SINING AT DISENYO) Kuwarter 4 – Modyul 2: Ang mga Sining Panteatro (1st ed.).*<br>*Candelario, Marietta, et al., (2009). Ibong Adarna Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan Ikatlong Edisyon, 15-70, Rex Bookstore.*<br>*CCBJ Club. "Don Juan Tiñoso (Isang Sipi O Excerpt Mula Sa Korido)." Www.youtube.com, 22 Nov. 2022, www.youtube.com/watch?v=3-LJF82VVsI. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*charo. "PPT - Ang Alamat Ni Bernardo Carpio PowerPoint Presentation, Free Download - ID:3255175." SlideServe, 15 Aug. 2014, www.slideserve.com/charo/ang-alamat-ni-bernardo-carpio. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*Clipartbest.com. "Bing." Bing, 2015, www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=7M3dedOM&id=5AC373E6B134D80427D68B3A7886AEE96535CC39&thid=OIP.7M3dedOM0U. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*Concepcion, Ofelia E.(2009) Ibong Adarna, 6-24, Prime Multi-Quality Printing Corp.*<br>*Cruz, Emerlinda. Ibong Adarna (Isang Korido). Quezon City, C & E Publishing, Inc, 2008.*<br>*GMA Playground. "Bernardo Carpio Koridong Anyo - Search Videos." Www.bing.com, www.bing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Bernardo+Carpio+koridong+anyo&&mid=5FF8BCC8520BF1E0D3B55FF8BCC852. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*"Katangian Ng Korido – Ano Ang Katangian at Halimbawa Ng Korido?" PhilNews, 1 Oct. 2021, philnews.ph/2021/10/01/katangian-ng-korido-ano-ang-katangian-at-halimbawa-ng-korido/. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*Ki. "Kahalagahan Ng Korido – Kahulugan at Halimbawa Nito." Newspapers, 14 Dec. 2021, newspapers.ph/2021/12/kahalagahan-ng-korido-kahulugan-at-halimbawa-nito/. Accessed 4 Mar. 2024.*<br>*Komisyon sa Wikang Filipino. "Diksiyonaryo." Diksiyonaryo.ph, diksiyonaryo.ph/. Accessed 2 Mar. 2024.*<br>*Lee, R. (2017). TRIP TO QUIAPO (SCRIPT WRITING MANUAL). THE WRITERS STUDIO.*<br>*Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). Bagong Likha I. JO-ES Publishing House, Inc.*<br>*Mckoi M. "Ang Korido." Slideshare, 22 Mar. 2015, www.slideshare.net/cli4d/ang-korido.*<br>*Villanueva, Pedro Reyes. Korido: Ang Buhay Na Pinagdaanan Ni Don Juan Tiñoso at Juan Labuyo. Google Books, Philippine Book Company, 1977, books.google.com.ph/books/about/Korido.html?id=lmY4AAAAMAAJ&redir_esc=y. Accessed 4 Mar. 2024.* |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**A. Balik-aral**<br>Ipabasa sa mag-aaral ang saknong sa ibaba. Suriin at bigyan ng pagpapahiwatig batay sa mga napag-aralan. | **UNANG ARAW**<br>Sa gawaing ito, maaaring magbibigay ang mag-aaral ng hanggang tatlong kahulugan |

| | | |
|---|---|---|
| | ***1563***<br>*Sa Diyos ay dumalangi't*<br>*Isa sa kanyang hiling,*<br>*anak niya ay limutin*<br>*ng Prinsipeng ginigiliw.*<br><br>**A. Panuto: TULA-BIGKAS**<br>Sa papamagitang ng *spin the wheel,* ipabibigkas sa mga mag-aaral ang nabuong tula mula sa gawaing pantahan o takdang-aralin. Pagkatapos bigkasin ay magbibigay ang guro ng kaunting *feedback.*<br><br>Gamitin ang pamantayan sa pagmamarka na nasa ibaba:<br><br>PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA SA PAGBIGKAS NG TULA<br>Maliwanag na nabigkas at nalapatan nang wastong himig ang tula - 10<br>Naiangkop ang paglakas at paghina ng tinig sa damdamin at diwa ng tula - 10<br>Naging kawili-wili at nahikayat ang lahat na makinig - 5<br>KABUUAN - 25 | batay sa pagkakaunawa nila sa nakasalungguhit na taludtod.<br><br>Maaaring magbigay pa ang guro ng iba pang mga saknong na kinapapalooban ng pahiwatig. Maaari itong idagdag sa bibigyan ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral.<br><br>Ang *app* ay makikita sa link na ito:<br>*https://spinthewheel.io/*<br><br>Malaya ang guro sa paraan ng pagpili ng mga magbibigkas. Maaari niyang piliin ang ilang nais magboluntaryo o gumamit ng iba pang estratehiya tulad ng pag-iikot ng bola habang may tugtog sa *background,* o iba pa. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>Ang **iskrip** ay isang pinakamahalagang sangkap ng isang dula. Ito ang nagsisilbing batayan ng mga aktor sa kanilang magiging pagganap sa kuwento. Sa pagbuo ng iskrip, kailangang maging malinaw ang banghay, tauhan, tagpuan at ang mahahalagang kaisipan na tatatak sa isipan ng manonood.<br><br>Ayon kay Ricky Lee (2017) mayroong tatlong bahagi ng pagbuo ng iskrip:<br>1. *Pre-writing* – dito isinasagawa ang pag-iisip at pagpaplano. Binubuo rito ang | Ang guro ang dapat pamilyar na sa ibibigay na padron sa paglikha ng iskrip.<br><br>Maaaring kumuha pa ng ibang detalye at impormasyon sa libro ni Ricky Lee na *Trip to Quiapo* o sa link na ito https://www.studocu.com/ph/ |

| | | |
|---|---|---|
| | konsepto ng kwento tulad ng kung sino-sino ang mga tauhan, lugar ng kwento, banghay, mga simbolo at paksa.<br>2. *Writing Stage* – dito binubuo ang *sentence outline* o ang de-numerong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento.<br>3. *Rewriting Stage*- ito ang pinal na pagsasagawa ng mga plano sa bawat element ng isang dula. Isinasaalang-alang ang mga puna at mga dapat ayusin, idagdag o maaaring baguhin sa pagbuo ng iskrip.<br><br>**Shadow Play o Karilyo** - Ang pag-play ng shadow na kilala rin bilang anino ng pagkakatawang-tao. Ito ay isang sinaunang anyo ng pagkukuwento o pagsasalaysay at *entertainment* na gumagamit ng *flat articulated cut-out figure* (anino puppets) na gaganapin sa pagitan ng isang pinagmulan ng liwanag at isang *translucent screen*. Maaaring makamit ang iba't ibang mga epekto sa pamamagitan ng paggalaw sa parehong mga puppets at sa liwanag na mapagkukunan.<br><br>**MGA URI NG PUPPET**<br>1. Sock Puppet – pagbuo gamit ng medyas.<br><br>2. Finger Puppet – paggamit ng mga daliri<br> | document/polytechnic-university-of-the-philippines/bachelor-of-secondary-education/iskrip-print/67742732<br><br>Ang larawan ay makikita sa link na ito:<br>*https://exploreandmore.org/sanity-savers-make-your-own-sock-puppet/*<br><br>Ang larawan ay makikita sa link na ito:<br>*https://www.redtedart.com/how-to-make-pirate-finger-puppets/* |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Carnival Puppet – isinusuot sa buong katawan.<br><br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**1. Pagtataya:**<br>**PAGBUO NG ISKRIP**<br>Ipabuo ang mag-aaral ng isang iskrip o dayalogo sa mga tauhan sa bahagi ng paghahandog ng regalo sa ikakasal hanggang pagtatapos. Sikaping may madulang kaugnay na tagpo sa pagpapaalala sa naging buhay at pagsubok na hinarap ng magkatipan sa kuwento.<br><br>**Pangkat 1**<br>**-ang pagtatakda ng kasal nila Don Juan at Donya Leonora**<br>-pagdating ni Maria Blanca sa Berbanya<br>-paghahandog ng dulaan<br>-masuyo ang tinginan ni Don Juan sa iniibig na si Donya Leonora<br>-nasasaktan si Don Juan sa paghaplit sa kasayaw ng Negrita<br><br>**Pangkat 2**<br>**-ang patuloy na kagiliwan ni Don Juan kay Leonora**<br>-pagkagalit ni Maria Blanca<br>-pagpapabaha sa Kaharian<br>-pag-alaala ni Don Juan sa pag-ibig niya kay Maria Blanca<br><br>**Pangkat 3** | Ang larawan ay makikita sa link na ito:<br><br>*http://www.worldpuppetcarnival.com/* |

| | | |
|---|---|---|
| | **-ang paglalahad ng paghihintay ni Donya Leonora kay Don Juan at pagtanggap sa pag-ibig ni Don Pedro**<br>**-pagpapasya ni Don Juan**<br>**-paghahari sa Berbanya at sa Reino delos Cristales**<br><br>**Pamantayan sa Pagmamarka**<br>35 -- May tiyak na kaugnayan sa kaanyuan ng iskrip<br>25 --nababagay ang dayalogo sa damdamin ng tauhan at tagpo<br>20 --naipapahayag nang makatotohanan ang mga daloy ng usapan<br>10 --lakas ng dating ng presentasyon; dayalogo at pag-arte<br>100% | |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | Ilapat sa halimbawang template na ibinigay ng guro bago talakayin.<br><br>(PAMAGAT)<br>sa direksyon ni: ______________________________<br><br>MGA TAUHAN:<br>________________<br>________________<br>________________<br>________________<br>TAGPUAN:<br>____________________<br><br>*SENTENCE OUTLINE:*<br>Simula:<br><br>Gitna:<br><br>Wakas:<br><br>Bumuo ng iskrip sa piniling bahagi binasang korido para sa gagawing *performance task* na *Shadow Play.*<br><br>***PERFORMANCE TASK***<br>Pagtatanghal ng Shadow Play<br>Hahatiin ang buong klase sa apat na grupo upang maghanda at magtanghal ng isang *shadow play* patungkol sa napiling bahagi ng Ibong Adarna. Isaalang-alang ang iskrip, mga kagamitan sa pagbuo ng puppet, at ilang mga *background music* na | Atasan ang mag-aaral na magdala ng mga kagamitan para sa gagamitin sa *Shadow Play.* Nakalaan ang bahaging ito |

| | | |
|---|---|---|
| | maaaring gamitin sa pagtatanghal. Tingnan ang pamantayan bilang batayan sa pagmamarka.<br>**Pamantayan sa Pagmamarka:**<br>35 - May tiyak na kaugnayan sa nilalaman ng paksa<br>25 – Angkop ang pagkalikha at paggamit ng mga puppet<br>20 – Malinaw ang tinig at pagbigkas ng mga mag-aaral<br>20 – Orihinal ang mga props<br>-------<br>100% | sa isang buong lingo na hahatiin sa paghahanda, pag-eensayo at pagtatanghal. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**PERFORMANCE TASK**<br>Pagtatanghal ng Shadow Play ng bawat grupo. | Magbigay ng rubriks sa bahaging ito. |

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>B. Pagtataya</td><td colspan="3"></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="3">C. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="3"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **D. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** **Irene N. San Miguel, Patricia Gertrude S. Reyes** ***at Leo A. Tolentino*** | ***Sinuri ni: Joel C. Malabanan*** |
| ***Institusyon: Longos National High School, Malabon National High School, at Vicente P. Trinidad National High School*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |